Fukushima International Association

# Gyro MAG-KAISA FUKUSHIMA

Pang-anim na edisiyon(20011-9-15)


※Para sa bersyon ng Hapon,Intsik,Koreyano at Pranses ng sulat na ito maaring bumisita sa aming website.

Sa pagkakataon ito nais naming makiramay sa mga biktima ng nakaraan trahedya na naganap na lindol sa hilagang Hapon. At ganoon din ang panalangin naming maagang pag-bawi.Sa pamamagitan ng sulat na ito kung saan makakapag-bigay kami ng up-to-date na impormasyon sa kasalukuyan kalagayan ng Fukushima Prefecture. At para sa mga kababayan may iba't –ibang aktibidad at sa buhay ng ibang dayuhan.

## Ang Fukushima ngayon



Panahon ng Peras（Fukushima 2011.9.13）



『Ang Muling pagbubukas ng Aqua Marine Fukushima』（Iwaki 2011.8.15）



Selebrasyon ng Araw ng First Aid sa Buong Mundo at pag-aaral ng paggamit ng AED (Fukushima 2011.9.10)

## Tinig mula sa Fukushima

### Tinig mula kay Ginang Toshie Matsumoto(Timog sa bayan Soma)

Nang lumindol ng malakas ng araw na iyon, ako'y napatingin sa dagat na nababalutan ng puting ulap. Ang aking tirahan ay 2kilometro mula sa dagat. Bandang alas tres dumating ang bombero at ina-announce na may malaking sunami na parating at nagsirena sa buong lugar. Nang mapansin ko ang oras na eksaktong alas-tres kaming mag-asawa na walang nadalang anuman ay sumakay ng sasakyan at tumakbo patungong kanluran. Hangang sa marating naming ang evacuation shelter at sa bahay ng mga kamag-anak. Ngayon na kami'y nalipat sa pansamantalang tirahan. Nakatanggap kami ng iba't –ibang tulong mula sa Red Cross ng mga dikuryenteng bagay at iba'-ibang bagay sa mga iba't –ibang samahan, na laki naming pasasalamat. Sa ngayon, ating isipin ang pagkaka-isa ng bawa't isa at hindi reklamo kung anong meron at wala. At para matahimik na mamuhay at isipin kung paano makakabawi sa nakalipas na unos.

**Tinig mula kay Ginoong Yasushi Kinugasa (Koriyama City)**

Ako ay nagtatrabaho sa isang electric Company bilang taga-ayos ng mga de-kuryenteng bagay. at laking pasasalamat ko ng nakaraan trahedya dahil ligtas kaming lahat at nagkaroon lang ng lamat ang aming tirahan. Pagkaraan ng isang lingo ng naganap ang trahedya naging abala ang aming trabaho dahil sa maraming bilin na kagamitan. Ako ay kasali sa isang boluntir na grupong (Friendship Force) na tumatanggap ng home stay taon taon. Na dapat itong Oktubre ay may naka skedyul na darating mula sa Australia ngunit sa dahilan ng trahedya ito'y nakansel.Simula ng maganap ang trahedyang ito lahat na lang ay nakansela na siyang nagpapabagal ng pagbawi ng Fukushima. Kung mahirap kumuha ng panauhin mula sa ibang bansa , sa mga naritong dayuhan magkaroon ng pagtutulungan. At aking gagawin ang aking makakaya na maganap ito.

**Tinig mula kay Ginoong Andrew Chapman (Aizuwakamtsu City, Amerikano)**

Ako ay nagsimulang nagtrabaho sa Aizu Wakamatsu International association noong Mayo nitong taong ito. Nang maganap ang lindol ako ay nasa eroplano galing sa Taiwan na papuntang Narita ngunit, nailipat sa Airport sa Kansai at tumigil ng isang gabi. Ako lumipad patungong Narita kinabukasan at sumakay ng bus patungong Aizu. Ang lugar ng Aizu ay hindi nagbago tulad ng unang dating ko dito bilang turista ngdalawang taon ang nakalipas. Ngunit, ang bilang ng turista ay umunti lalo ng mga dayuhan mula sa ibang bansa. Ang Aizu ang may pinakamababang bilang ng nasira ng lindol,ngunit malaki sa kadahilanan ng radiation. namomoblema ang mga magbubukid sa pagtinda ng kanilang tanim sa lugar ng Fukushima. Kahit na nagkaroon ng lindol, ako ay nagpasyang bumalik upang makatulong sa mga dayuhan naninirahan sa Aizu Wakamatsu sa oras ng kanilang paghihirap at maging daan ng mga kaalaman sa mga nangangailangan ng tulong.

**Tinig mula kay Ginang Liliana Takahashi (Motomiya City, Mehiko)**

Ako ay nasa Mexico ng maganap ang lindol upang iprepara ang aming kasal,ngunit kinangailangan kanselin dahilan sa malaking sakuna na sinabi na aking asawa na natangay ng sunami ang bahay ng aking mga biyenan at ang pag-aari nilang Kindergarten ay ginawang shelter. Masyadong grabe ang balita dito sa Mexico at akoy natakot kaya't nagpasya akong sa internet na lang manood ng balita. Ninais kong magbalik ng Japan dahil nag-aalala ako sa aking asawa ngunit ayaw akong payagan ng aking mga magulang sa kadahilanang magiging problema lang ako dahil sa kakulangan ng tubig,pag-kain, ilaw ng panahong iyon. Nagbalik ako pagkaraan ng isang buwan dahil mahirap ang trabaho sa Japan. Nag-aalala pa rin ang aking mga magulang gawa ng radiation. Ngunit natuwa sila ng malaman mag-kasama kaming mag-asawa at nagtutulungan. Mula ng ako ay manumbalik maraming pagbabago at ako ngayon ay naninilbihan sa kindergarten bilang katulong, at marami kaming mga events na ginagawa upang matulungan namin ang mga tao na malibang ang kanilang isipan. Kalahati ng estudyante sa kindergarten ay nawalan ng bahay at kapamilya. Kaya kinailangan kong bumalik upang mapasaya sila at manumbalik ang mga ngiti sa kanilang mukha.

Publisher
**Fukushima International Association**
〒960-8103 Funabacho 2-1, Fukushima City, Fukushima Prefecture
☎024-524-1315 FAX 024-521-8308 E-mail info@worldvillage.org URL http://www.worldvillage.org